

Buod ng Bakuna sa COVID19

Inaasahang may malaking pagkakaiba sa pagitan ng bilang ng mga dosis ng bakuna sa COVID-19 na ipinamamahagi at ang bilang ng mga dosis na ginagamit dahil sa ilang salik. Maramihang ipinamamahagi ang bakuna at pagkatapos ay dapat gamitin ito sa mga klinika sa susunod na 7-10 araw. Bilang karagdagan, inuulat ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ang mga dosis sa Virginia Immunization Information System (VIIS) hanggang 72 oras pagkatapos ng paggamit.

Mga taong nakatanggap ng hindi bababa sa isang dosis: Kasama sa bilang na ito ang mga indibidwal na nakatanggap ng isang dosis at mga indibidwal na nakatanggap ng dalawang dosis.

Mga taong kumpletong nabakunahan: mga indibidwal na nakumpleto ang inirerekomendang serye ng ibinigay na produktong bakuna (hal. 2 dosis ng 2 dosis na serye ng bakuna ng Pfizer o Moderna)

Kabuuang dosis na ginamit: Ang bilang na ito ay kumakatawan sa kabuuang *dosis* na ginamit sa mga indibidwal sa Virginia, unang dosis o pangalawang dosis man ito. Magiging mas malaki ang bilang na ito kaysa sa bilang ng mga *indibidwal* na nakatanggap ng hindi bababa sa isang dosis dahil ang ilang mga tao ay makatanggap ng higit sa isang dosis.

Natanggap na Mga Dosis: Ang pinagsama-samang bilang ng dosis ng bakuna sa COVID-19 (Moderna at Pfizer) na naitala bilang naipadala sa Vaccine Tracking System (VTrckS) ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) mula noong Disyembre 13, 2020. Kabilang sa mga natanggap na dosis ang bakunang inilaan sa Mga Pasilidad ng Pharmacy Partnership for Long Term Care (Pakikipagtuwang sa Mga Botika para sa Pangmatagalang Pangangalaga) ng Pederal na CDC.

Tandaan: Sa ilang pagkakataon, ang pagkuha ng bakuna sa COVID-19 ay may dalawang hakbang na proseso. Ang isang tao ay makakakuha ng isang pagturok, o dosis, ng bakuna. Pagkatapos ng 3-4 na linggo, kailangang makakuha ng isang tao ng pangalawang dosis ng bakuna. Mahalaga ang pagkuha ng parehong dosis ng bakuna. Makakatulong ito na maprotektahan ng bakuna ang mga tao mula sa pagkakaroon ng COVID-19 o mula sa pagkakasakit kung makuha man nila ang COVID-19.